Pandibisyong Adbaysori Blg. 194, s. 2022
Nobyembre 21, 2022
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order No. 8, s. 2013,
ang adbaysoring ito ay hindi pag-eendorso.
Ayon naman sa DO No. 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani
ng Kagawaran ng Edukasyon at ng mga mamamamayan.
(Bisitahin ang *depedelsalvadorcity.net*)

**REHIYONAL NA WEBINAR SA PAGSIPAT AT PAGTALAKAY SA MGA BATAYANG KAALAMAN SA PAGKATUTO NG WIKA SA LENTE NG GURONG GEN Z**

Ang Gradwadong Paaralan ng Ateneo de Naga University ay magsasagawa ng libreng rehiyonal na webinar na pinamagatang **#BacktoBasic: Pagsipat at Pagtalakay sa mga Batayang Kaalaman sa Pagkatuto ng Wika sa Lente ng Gurong Gen Z** sa darating na Disyembre 3, 2022, 7:30 n.u-12:30 n.h.

Kalakip sa adbaysoring ito ang mga detalye sa nasabing kumperensiya.

Dahil ang paglahok sa gawaing ito ay boluntaryo lamang, makabubuting sundin ang DepEd Order No 9, s. 2005 na pinamagatang *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance therewith, Republic Act. No. 66, s. 2017 (Policy on Off-Campus Activities)*.

Inaasahang ang daglian at malawakang pagpapalaganap sa Adbaysoring ito.

**OLGA C. ALONSABE, PhD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

KALAKIP: Gaya ng nakasaad

IMBITASYON

CID/gcel

22-87384.
DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO.
RELEASED
6949
By: S Date: 11/16/22

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION X – NORTHERN MINDANAO

Panrehiyong Adbaysori Blg. 240, s. 2022
Nobyembre 14, 2022
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order No. 8, s. 2013,
ang adbaysoring ito ay hindi pag-eendorso.
Ayon naman sa DO No. 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani
ng Kagawaran ng Edukasyon at ng mga mamamayan.
(Bisitahin ang *deped10.com*)

REHIYONAL NA WEBINAR SA PAGSIPAT AT PAGTALAKAY
SA MGA BATAYANG KAALAMAN SA PAGKATUTO
NG WIKA SA LENTE NG GURONG GEN Z

Ang Paaralang Gradwado ng Ateneo de Naga University ay maglulunsad ng libreng rehiyonal na webinar na may pamagat na **#BacktoBasic: Pagsipat at Pagtalakay sa mga Batayang Kaalaman sa Pagkatuto ng Wika sa Lente ng Gurong Gen Z** sa Disyembre 3.

Ang mga detalye sa nasabing kumperensiya ay nakalakip sa Adbaysoring ito.

Dahil ang paglahok sa gawaing ito ay boluntaryo lamang, makabubuting sundin ang DepEd Order No. 9, s. 2005 na pinamagatang *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance therewith*, Republic Act No. 5546 (Section 3 - Policy on Contributions), at DepEd Order No. 66, s. 2017 (Policy on Off-Campus Activities).

Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng Adbaysoring ito.

KALAKIP.: Gaya ng nakasaad

IMBITASYON

CLMD/mand

DepED

Department of Education Region 10 <region10@deped.gov.ph>

# Imbitasyon sa Webinar

1 message

Nicholson M. Nidea <nnidea@gbox.adnu.edu.ph>
To: region10@deped.gov.ph
Cc: VICTORIA Vasil <vvictoria@gbox.adnu.edu.ph>

Thu, Nov 10, 2022 at 4:18 PM

22- 87232
DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. X
NOV 11 2022
BY: TIME: 10:07

10 Nobyembre 2022

**Kgg. ARTURO B. BAYOCOT**
Direktor
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon X

Direktor Bayocot:

Isang mapagpalang araw po!

Higit na umuunlad ang sinumang ipinagpapatuloy ang pagtuklas at pagdalumat sa iba't ibang konsepto sa larang na kaniyang tinatahak lalo na sa Gradwadong Paaralan. Ang mga mag-aaral ng Gradwadong Paaralan ng **Ateneo de Naga University** na kumukuha ng ***Master of Arts in Education, Major in Filipino*** ay magsasagawa ng **LIBRENG** Rehiyonal na Webinar na may pamagat na **#BacktoBasic: Pagsipat at Pagtalakay sa mga Batayang Kaalaman sa Pagkatuto ng Wika sa Lente ng Gurong Gen Z** at may temang **Teorya at Praktika sa mga Pagtamo at Pagkatuto ng Wika** sa ika-3 ng Disyembre 2022, 7:30 n.u.-12:30 n.t. Bukas ito sa lahat ng mga mag-aaral at guro sa lahat ng antas na nag-aaral at nagtuturo ng/sa asignaturang Filipino.

Layunin ng rehiyonal na webinar ang sumusunod: (1) nakakalatag ng mga simulaing pangkaisipan, pandamdamin, at pampagkikilos sa mga teoryang pangwika at pagkatuto ng wika; (2) nakakapagpakitang-turo ang mga ispiker ng makabuluhang mga teorya at praktika sa pagtuturo ng wika; (3) nakakalahok nang aktibo ang awdyens sa webinar sa pamamagitan ng bukas at malayang talakayan; (4) naipo-promote ang programang *Master of Education major in Filipino* ng Pamantasang Ateneo de Naga sa madla; at (5) nakakabuo ng matatag na samahan ang kasalukuyang medyor sa Filipino sa antas-Masterado ng Ateneo.

Kaugnay po nito, magalang at malugod naming hinihingi ang inyong pahintulot at ***endorsement*** na isagawa ang nasabing programa. Kalakip po nito ang tuntunin at mekaniks ng nasabing programa.

Inaasahan po namin ang positibong tugon sa liham na ito sa patuloy na paglinang at pagpapabuti ng kaalaman lalo na sa asignaturang Filipino. Para sa mga tanong at paglilinaw sa nasabing programa ay maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09093798485** o sa *email address* na **mikejalata@gmail.com.**

Hangad po namin ang inyong positibong tugon.

Maraming salamat po!

Lubos na gumagalang,

**NICHOLSON M. NIDEA**
Mag-aaral sa EDFIL 201

**MARK FRANCIS B. PERALTA**
Mag-aaral sa EDFIL 201

Nabatid ni:

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Guro sa EDFIL 201

---

**Liham. Rehiyon X.pdf**
112K

**PAMANTASAN NG ATENEO DE NAGA**
**Paaralang Gradwado**

10 Nobyembre 2022

**Kgg. ARTURO B. BAYOCOT**
Direktor
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon X

Direktor Bayocot:

Isang mapagpalang araw po!

Higit na umuunlad ang sinumang ipinagpapatuloy ang pagtuklas at pagdalumat sa iba't ibang konsepto sa larang na kaniyang tinatahak lalo na sa Gradwadong Paaralan. Ang mga mag-aaral ng Gradwadong Paaralan ng **Ateneo de Naga University** na kumukuha ng ***Master of Arts in Education, Major in Filipino*** ay magsasagawa ng **LIBRENG** Rehiyonal na Webinar na may pamagat na **#BacktoBasic: Pagsipat at Pagtalakay sa mga Batayang Kaalaman sa Pagkatuto ng Wika sa Lente ng Gurong Gen Z** at may temang **Teorya at Praktika sa mga Pagtamo at Pagkatuto ng Wika** sa ika-3 ng Disyembre 2022, 7:30 n.u.-12:30 n.t. Bukas ito sa lahat ng mga mag-aaral at guro sa lahat ng antas na nag-aaral at nagtuturo ng/sa asignaturang Filipino.

Layunin ng rehiyonal na webinar ang sumusunod: (1) nakakalatag ng mga simulaing pangkaisipan, pandamdamin, at pampagkikilos sa mga teoryang pangwika at pagkatuto ng wika; (2) nakakapagpakitang-turo ang mga ispiker ng makabuluhang mga teorya at praktika sa pagtuturo ng wika; (3) nakakalahok nang aktibo ang awdyens sa webinar sa pamamagitan ng bukas at malayang talakayan; (4) naipo-promote ang programang *Master of Education major in Filipino* ng Pamantasang Ateneo de Naga sa madla; at (5) nakakabuo ng matatag na samahan ang kasalukuyang medyor sa Filipino sa antas-Masterado ng Ateneo.

Kaugnay po nito, magalang at malugod naming hinihingi ang inyong pahintulot at ***endorsement*** na isagawa ang nasabing programa. Kalakip po nito ang tuntunin at mekaniks ng nasabing programa.

Inaasahan po namin ang positibong tugon sa liham na ito sa patuloy na paglinang at pagpapabuti ng kaalaman lalo na sa asignaturang Filipino. Para sa mga tanong at paglilinaw sa nasabing programa ay maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09093798485** o sa *email address* na **mikejalata@gmail.com.**

Hangad po namin ang inyong positibong tugon.

Maraming salamat po!

Lubos na gumagalang,

**NICHOLSON M. NIDEA**
Mag-aaral sa EDFIL 201

**MARK FRANCIS B. PERALTA**
Mag-aaral sa EDFIL 201

Nabatid ni:

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Guro sa EDFIL 201